Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM


**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:**

| | |
|---|---|
| Manunulat | : Jenneth Grace T. Dela Cruz. T1 |
| | Liezl M. Evangelista, HT VI |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS |
| | Liezl M. Evangelista, HT VI |

**Pangkat Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| SDO, Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |




**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

**Aralin 1** | **Mga Salitang Ginamit sa Pagsulat ng Balita**

## Inaasahan

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:

- Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa,
- Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling-ulat balita base sa materyal na binasa

*Ngayong alam mo na ang inaasahan mong matutuhan. Simulan na natin ang paglalakbay ng iyong isipan sa pamamagitan ng pagsagot sa unang pagsubok.*

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Suriin ang ilang bahagi ng balita sa bawat bilang. Piliin ang **TITIK** ng tamang sagot at isulat sa kwaderno.

1. Ibinahagi ng <u>University of the Philippines OCTA Research Team</u> na patuloy na bumababa ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 dito sa Pilipinas. Ang paraan ng pagsusuri sa salitang may salungguhit ay ___________.
   A. simple ang mga salita
   B. paggamit ng personal na paghusga
   C. suriin ang paraan ng pagkakasulat
   D. suriin ang pinanggalingan ng balita

2. Ang sumusunod ay katangian ng salitang ginagamit sa pagsulat ng balita maliban sa_______________.
   A. simple ang mga salita.
   B. naiintindhan ito ng lahat
   C. akma sa pagkakagamit sa akda
   D. gumagamit ng matatalinhagang salita.

3. "Sa report ng UP na may petsang October 6 ay sinabi ng grupo na napanatili ang <u>downward trend</u> *sa* <u>reproduction number</u> ng bansa, na tumutukoy sa reproduction ng COVID-19 cases. Mababatid na ibinase ang <u>findings</u> ng grupo sa <u>daily reports</u> ng COVID-19 sa bansa mula August 25 - October 5." Pansinin ang mga salitang may salungguhit sa balitang iyong binasa, anong paraan ng



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

pagsusuri sa balita ang tinutukoy kapag ang sinusuri ay gramatiko, palatitikan at mga bantas na ginamit?

A. Simple ang mga salita
B. Paggamit ng personal na paghusga
C. Suriin ang paraan ng pagkakasulat
D. Suriin ang pinanggalingan ng balita

4. Ang paraang ito ay tumutukoy sa sarili mong pag-iisip, sarili mong pang-unawa at sarili mong paghuhusga sa pagiging makatotohanan ng isang balita.

A. Simple ang mga salita
B. Paggamit ng personal na paghusga
C. Suriin ang paraan ng pagkakasulat
D. Suriin ang pinanggalingan ng balita

5. Piliin kung anong kategorya nabibilang ang bahagi ng binasang balita na nasa bilang 3.

A. Magandang balita
B. Mapaghamong balita
C. Masayang balita
D. Malungkot na balita

## Balik-tanaw

**Panuto:** Kilalanin at tukuyin ang kabayanihang naiambag ng mga nasa larawan sa nararanasang pandemya sa kasalukuyan. Isulat sa kwaderno ang sagot.



https://www.cnn.ph/news/2020/6/2/COVID-19-infected-frontliner-not-avail-compensation-lack-of-IRR-.html

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______




https://www.cnnphilippines.com/news/2020/5/1/pnp-arrests-39-persons-discirminating-covid-frontliners.html

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_________



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang buong mundo ay humaharap ngayon sa isa sa pinakamalaking pagsubok at ito ay ang paglaban sa pandemya na kumitil na sa maraming buhay. Sa kabila nito marami pa rin ang nagpapatuloy sa pagsisikap at paghahanapbuhay upang maibigay ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Tunghayan natin ang kuwento ng isang pagsasakripisyo.

**MUSMOS NA BREADWINNER, HINDI ALINTANA ANG PAGOD AT PELIGRO MABUHAY LANG ANG PAMILYA**



https://www.youtube.com/watch?v=X9S6V8KtEXE

"Nagtitinda po ako ng walis sa umaga, iskoba, mop, pang agiw, panglinis sa banyo. Marami rin po ako binebenta ma'am mga pitsel." Kahit marami ang natutuwa marami rin ang nag-aalangan sa ginagawa ni Manny. Bukod kasi sa mahirap para sa kaniyang edad, eh delikado ang ginagawa niya para sa kaniyang kalusugan. Pero hindi alintana ni Manny ang pagod at peligro sa labas, dahil mas mabigat ang dala-dalang responsibilidad ni Manny sa kaniyang pamilya.

Bago pa tinamaan ng epidemya ang bansa sunod-sunod na ang pagsubok na tumama sa pamilya ni Manny. Taong 2016 nang ma-diagnos na may tuberculosis ang kanyang nanay na si Joseline.

"Naawa po ako, pag may ipon po akong isang daan ibinibigay ko po sa kanya pambili ng gamot kahit wala pong matira sa akin. Makita ko lang pong masaya ang mga magulang ko, masaya na rin ako."

Upang mabili ang mga gamot ni Joseline, araw-gabi ang ginawang paglalagari ng ama ni Manny na si Martin sa construction ngunit nabaldado ito dahil sa trabaho.

"Masakit po na nahihirapan po ang papa ko. Nakikita po namin na nasasaktan po siya. Hindi po namin siya nakakasama kapag nagtatrabaho siya, kapag may masakit hinihilot na lang po namin kahit sabihin niyang hindi na, hinihilot pa rin namin dahil wala kaming pambili ng gamot para sa kaniya tapos may sakit pa si mama, ni hindi namin mabili ang gamot ni mama"

Lalo pang humirap ang kanilang sitwasyon sa pagtama ng covid 19 Pandemic sa bansa. Kaya naman si Manny nagdesisyon nang ituloy ang planong magtinda.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

"Noong dumating po ang quarantine naisipan ko po talagang magtinda kahit may "lockdown," minsan hinaharang pa kami ng mga sundalo. Alam ko naman po na bawal lumabas pinipilit ko lang po para sa pamilya ko, para may pangkain po kami at para mabuhay lang po ang pamilya namin"

Hindi man pinayagan si Manny ng kanyang mga magulang na magtinda, nagpumilit pa rin siya. Doble-kayod sa pagtitinda ng panlinis sa bahay tuwing umaga at balut naman tuwing gabi. Kahit pa labag sa kanilang loob, wala nang nagawa ang kanyang mga magulang dahil talagang desidido si Manny na tumulong sa kanyang pamilya.

"Pangarap ko po na umahon kami sa kahirapan, mahirap po kapag wala kaming kakainin. Hindi naman po namin kayang magnakaw, masama po ang magnakaw. Pangit po iyon. Kaya kahit wala po kaming makain, naghahanap nalang po kami ng puwedeng kainin. "

Sa desisyong ito ni Manny tuluyan na niyang tinalikuran ang pagiging bata at ang isa sa patunay ng kaniyang pagsasakripisyo, ang pagtigil ni Manny sa kaniyang paglalaro lalo na ang basketball na kanyang paborito para makapagtinda araw-araw. Determinado pa rin si Manny para sa kaniyang pamilya. Isinuko man niya ang kaniyang pagiging bata patuloy na nangangarap si Manny na ituloy ang pag-aaral sa kabila ng new normal sa mga paaralan.

"Gusto ko pong makapagtapos sa aking pag-aaral, para makamit ko ang aking mga panagarap. Gusto ko pong maging Seaman. Hindi ko nga po alam kung saan ko kukunin ang pambili ng tablet na pang-aral ko sa school. May ibibili, kaya ba ng budget nila mama? Itutuloy-tuloy ko na lang ang pagtitinda dahil dun ko kinukuha ang aking baon.

## Mga Gawain

**Gawain 1: Pagsusuri sa Balita**

**Panuto:** Suriin ang pagkakabuo ng balita sa itaas ayon sa mga salitang ginamit. Gamiting gabay ang tseklist sa pagsusuri. Lagyan ng tsek kung sumasang-ayon at ekis kung hindi. Ipaliwanag ang iyong naging kasagutan sa kwaderno.

| Mga Katangian ng salita | ✓ / ✕ | Paliwanag |
|---|---|---|
| Simple ang mga salita | | |
| Naiintindihan ito ng lahat | | |
| Akma ang pagkakagamit ng mga salita | | |



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Gawain 2: Suring-Datos**
**Panuto**: Sagutin/Punuan ang sumusunod na mga impormasyon/datos batay sa binasang balita. Isulat sa kwaderno ang mga impormasyon.

A. Pamagat ng akda: ______________________________
B. Kailan naganap: ______________________________
C. Anong Pangyayari ang pinagtuunan ng pansin: ______________________________

______________________________

______________________________

D. Mga suliraning nakita: ______________________________

______________________________

E. Solusyon: ______________________________

______________________________

F: Mahalagang mensahe ng balita: ______________________________

## Tandaan

**Balita**

- Ang balita ay anumang pangyayaring hindi karaniwang ulat, na nakapagbibigay-impormasyon at nagsisilbing libangan ng mga mambabasa, tagapakinig at tagapanood.

**Katangian ng mga Salitang Ginagamit sa Pagsulat ng Balita**

1. Simple ang mga salita
2. Naiintindihan ito ng lahat
3. Akma ang pagkakagamit ng akda

**Katangiang Dapat Taglayin ng Balita**

1. Dapat na tumpak at batay sa katotohanan
2. Wala itong kinikilingan at tinitiyak na patas ang paglalahad ng mga pangyayari
3. Malinaw at tiyak na detalye
4. Hindi Maligoy
5. Maikli
6. Sumasagot sa tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Bakit at Paano



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Mga Datos na Kailangan sa Paglikha ng Ulat- Balita**

- Pag-aralan at suriing mabuti ang mga nakalap na datos sa susulating balita.
- Suriin ang mga pangyayari na pagtutuunan ng pansin sa pagsulat ng balita
- Unahin ang pinakamahalagang pangyayari at isulat ito sa unang talata na tinatawag na pamatnubay. Ginagamit dito ang tinatawag na 5Ws sa pagsulat ng patnubay.
- Iwasang magsimula sa pamatnubay na Si/Sina o kaya, sa pagsulat ng balita sa panahon/pook. Nagagamit lamang ito kapag talagang mahalaga sa balita.
- Iwasang magbigay ng sariling opinyon sa balita bagkus kailangang maging obhektibo sa paglalahad ng mga pangyayari.
- Gamitin ang baliktad na piramide sa pagsulat ng balita kung saan inuuna ang pinakaimportanteng pangyayari patungo sa di-gaanong mahalagang pangyayari.
- Isulat agad ang balita pagkatapos masuri ang mga nakalap na datos.

# Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Bumuo ng sariling -ulat balita batay sa kasalukuyang sitwasyong kinakaharap ng ating bansa. Isaalang-alang ang kawastuhan ng mga datos na ilalapat sa paglikha at pagbuo ng sariling-ulat balita. Gawing gabay ang mga pamantayan sa ibaba. Pagkatapos ay isulat sa kwaderno ang iyong naging sagot.

## PAGLIKHA NG SARILING- ULAT BALITA

1. Ano ang balitang ilalahad?

___________________________________________

2. Sino ang aking kakapanayamin o hihingan ng tulong?

___________________________________________

3. Saan ko ito maaaring makuha?

___________________________________________

4. Kailan ko naman ito maisasagawa?

___________________________________________

5. Ano-ano pa kaya ang iba pang datos o bagay na aking kakailanganin?

___________________________________________



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

| Rubriks sa Sariling Ulat-Balita | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nilalaman<br>1. Kaayusan at kalinawan ng mensahe ng balita<br>2. Kaangkupan sa paksang ibinigay | | | | |
| Estilo sa Pag-uulat<br>1. Pagiging epektibo at makatotohanan ng pag-uulat<br>2. Pagkamalikhain sa pagbabalita na nakapanghihikayat sa mga tagapakinig | | | | |
| Marka:<br>4- Napakahusay 2-Mahusay-husay<br>3- Mahusay 1-Paghusayin pa | | | | |

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Basahin ang talata. Piliin ang **TITIK** ng tamang sagot at isulat sa iyong kwaderno.

**Prayxercise**

Tuwing ika-6 ng umaga sa pagpapalitan ng *shift sa emergency room* ng FEU Hospital sa Quezon City, sabay-sabay na nananalangin ang mga frontliners. Pasasalamat para sa pauwi na, patnubay para sa sasabak pa lamang sa trabaho at higit sa lahat panalangin para sa paggaling ng kanilang mga pasyente. Kasunod ng dasal ang pampasigla naman na tiktok at *exercise.*

Kung sa sayawan ay panlaban nila si nars Camille na siyam na taong naglilingkod sa pagamutan. Aminado si nars Camille na hindi maiwasan na maapektuhan sila sa nararanasang pandemya. Pero heto siya positibo at laging may baong ngiti para sa kanyang mga pasyente. Ang kanilang Prayxercise, ang magkasunod na panalangin at *exercise* ay isa sa panlaban nila sa kinakaharap na sitwasyon.

Sa likod ng mga PPE ng mga *frontliner* ay ang mga taong naaapektuhan sa mga pagkakataong natatalo sila sa kinakaharap na laban. Sa krisis na likha ng COVID-19 lahat tayo ay apektado at nararapat na mag-ingat ngunit hindi lamang kalusugan ang nararapat na ingatan gayundin ay dapat na alagaan at bantayan ang emosyon at isipan.

https://bit.ly/30U6U0a



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

1. Ang sakit na nagdulot ng matinding suliranin hindi lang sa ating bansa kundi maging sa buong mundo.
   A. COVID-19
   B. SARS
   C. Pneumonia
   D. HIV
2. Itinuturing na bayani ng kasalukuyang panahon ng pandemya.
   A. Frontliner
   B. Mamamayan
   C. Pilipino
   D. Pulitiko
3. Ang mga frontliner na nagsasagawa ng Prayxercise tuwing alas-6 ng umaga ay matatagpuan sa ___________.
   A. PGH
   B. Lung Center Hospital
   C. UST Hospital
   D. FEU Hospital
4. Ang baon ng nars na si Camille sa tuwing haharap sa kanilang mga pasyente ay ___________.
   A. pera
   B. ngiti
   C. PPE
   D. lakas ng katawan
5. Panlaban ng mga frontliner sa kanilang araw-araw na pakikibaka sa pagamutan.
   A. Prayxercise
   B. Lakas ng loob
   C. Kalusugan
   D. Katatagan ng paniniwala
6. Bukod sa kalusugan, ano pa ang isa sa mahalagang dapat ingatan sa panahon ngayon ng pandemya?
   A. emosyon at isipan
   B. kalusugan at isipan
   C. isipan at puso
   D. kapaligiran at kalusugan
7. Ang pagsasayaw at pagdarasal na isinasagawa ng mga frontliner ay isang paraan upang ______________.
   A. lumakas ang kanilang pangangatawan.
   B. makaagapay sa pangangailangan ng isa't isa.
   C. mapalakas ang pisikal at espiritwal na katauhan.
   D. maging katuwaan bago magsimula at matapos ang trabaho.
8. Sa likod ng mga suot na PPE ng mga *frontliner*, sila rin ay mga taong apektado sa pagkasawi ng taong nasa kanilang pangangalaga. Pinatutunayan nito na _______________.
   A. Apektado ang mga *frontliner* sa mga nangyayari sa kanilang pasyente.
   B. Balat-sibuyas ang mga *frontliner*.
   C. Madaling panghinaan ng loob ang mga *frontliner*.
   D. Lahat nang nabanggit
9. Ang binasang talataan ay isang uri ng______________?
   A. alamat
   B. balita
   C. mito
   D. sanaysay
10. Ang isa sa datos na kailangan sa pagbuo ng ulat-balita ay ______.
   A. tiyaking taglay ng balita ang lahat ng impormasyon
   B. maging tiyak sa obhetibo sa pagpapahayag ng saloobin.
   C. Iwasang maglagay ng mga pangalang hindi bahagi ng ulat-balita
   D. Iwasang magbigay ng sariling opinyon sa balita bagkus kailangang maging obhetibo sa paglalahad ng mga pangyayari.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

**Panuto:** Isulat ang kahalagahan ng balita ayon sa mga sitwasyong nararanasan sa kasalukuyan. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## Sanggunian

Cruz, Ceciliano-Jose. Pamahayagang Pangkampus sa Bagong Milenyo. Rex Bookstore, 2003
De Guzman, Rosana E. Yugto 7, Pinagsanib na Wika at Panitikan. The Library Publishing House, Inc. 2018
Julian, Ailene G. Baisa et. al. Pinayamang Pluma. Phoenix Publishing House 2015
Marquez Jr. Sevillano T. Pintig ng Lahing Pilipino 7. SIBS Publishing House, Inc. 2015
Panitikang Rehiyonal ( Kagamitan ng Mag-aaral ) Kagawaran ng Edukasyon
http://httvector/female-emotions-attractive-cartoon-character-vector-30200117ps://www.colourbox.com/
https://www.cnn.ph/news/2020/6/2/COVID-19-infected-frontliner-not-avail-compensation-lack-of-IRR-.html
https://www.cnnphilippines.com/news/2020/5/1/pnp-arrests-39-persons-discirminating-covid-frontliners.html
https://www.facebook.com/watch/?v=422163535406955&extid=bytymfpueWh5lMdE
https://www.facebook.com/WishKoLangGMA/photos/pcb.3062121040503027/3062119197169878
https://www.youtube.com/watch?v=YOEZeRvpUF8
https://bit.ly/30U6U0a

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**
1. D
2. D
3. A
4. B
5. A

**Gawain I**
Iba-iba ang sagot ng mag-aaral

**Gawain II**
Iba-iba ang sagot ng mag-aaral

**Pangwakas na pagsubok**
1. A
2. A
3. D
4. B
5. A
6. A
7. C
8. A
9. B
10. D



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.